

Quam laudant Angeli atque Archángeli, Chérubim quoque ac Séraphim: qui non cessant clamáre cotidie, una voce dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus Dominus Deus...**

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Jn 6:52

PANIS, quem ego dédero, caro mea est pro sǎculi vita.

ANG TINAPAY na Aking ihahandog ay ang Aking Laman para sa ikabubuhay ng sanlibutan.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

MENTES nostras et córpora possídeat, quǎsumus, Dómine, doni coeléstis operátio: ut non noster sensus in nobis, sed iúgiter eius prǎvéniat effectus. Per Dóminum.

PADALUYIN mo sa aming isip at katawan, Panginoon, ang iyong kapangyarihan, upang ang aming tinanggap sa bisa ng Sakramentong ito'y magdulot sa amin ng buong Mong pagliligtas. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

IKALABING-LIMANG LINGGO MAKARAAN ANG PENTECOSTES

Misa “Inclina, Domine”

• *II cl.* • *Semidoble* • *Luntian*

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 85:1-3

INCLINA, Dómine, aurem tuam ad me, et exáudi me: salvum fac servum tuum, Deus meus, sperántem in te: miserére mihi, Dómine, quóniam ad te clamávi tota die — *Ps 85:4* Lætifica ánimam servi tui: quia ad te, Dómine, ánimam meam levávi. *V.* Gloria Patri. Inclina.

IKILING mo, Poon, ang iyong tainga sa akin, at ako'y pakinggan Mo: iligtas mo ang iyong lingkod, Dios ko, na siyang umaasa sa Iyo. Kaawaan mo ako, Panginoon, pagka't sa buong maghapon ako'y nananaghoy. — *Salmo 85:4* Paligayahin mo nawa ang Iyong lingkod, pagka't sa Iyo, Poon, itinataas ko ang aking kaluluwa. *V.* Luwalhati sa Ama. — Ikiling Mo...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

ECCLESIAM tuam, Dómine, miserátio continuáta mundet et múniat: et quia sine te non potest salva consístere; tuo semper múnere gubernétur. Per Dominum.

PANGINOON, pakundangan sa Iyong maasahang pagkahabag, dalisayin at patibayin Mo nawa ang iyong Simbahan: yamang siya'y 'di makaiiral nang lubos at ganap, nawa'y lagi Mo siyang pamunuan at subaybayan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

SULAT • Gal 5:25-26; 6:1-10

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Galatia.

MGA KAPATID: Kung binigyan tayo ng buhay ng Espiritu, mamuhay rin tayo Mayon sa Espiritu. Huwag tayong maging mapagmataas, huwag nating galitin ang isa't isa, at huwag rin tayong mainggit sa isa't isa. Mga kapatid, kung may isa sa inyo na mahulog sa pagkakasala, kayong pinapatnubayan ng Espiritu ang magtuwid sa kanya. Subalit gawin ninyo iyon nang mahinahon, at mag-ingat kayo, baka kayo naman ang matukso. Magtulungan kayo sa pagbuhay ng pasanin ng bawat isa. Sa gayong paraan ay matutupad ninyo ang kautusan ni Cristo.

Kung inaakala ninyong kayo'y nakakahigit sa iba, subalit hindi naman, dinadaya ninyo ang inyong sarili. Suriin ng bawat isa ang kanyang gawa. Sa gayon, ang kanyang kagalakan ay nakabatay sa kanyang gawa. Huwag na niyang ihambing pa iyon sa gawa ng iba, sapagkat ang bawat isa ay dapat magdala ng kanyang sariling dalahin. Ang mga tinuturuan ng salita ng Diyos ay dapat magbahagi ng lahat ng magagandang bagay sa mga nagtuturo. Huwag ninyong linlangin ang inyong sarili; hindi maaaring tuyain ang Diyos. Kung ano ang itinanim ng tao, iyon din ang kanyang aanihin. Ang nagtatanim para sa sarili niyang laman ay aani ng pagkabulok mula sa laman. Ngunit ang nagtatanim para sa Espiritu ay aani ng buhay na walang hanggan. Kaya't huwag tayong mapagod sa paggawa ng mabuti sapagkat pagdating ng takdang panahon tayo ay aani kung hindi tayo susuko. Kaya nga, basta may pagkakataon ay gumawa tayo ng mabuti sa lahat ng tao, lalo na sa mga kapatid natin sa pananampalataya. — *R. Salamat sa Diyos.*

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 91:2-3; Ps 94:3

BONUM est confitēri Dómino: et psallere nómini tuo, Altíssime. *V.* Ad annuntiándum mane misericórdiam tuam, et veritátem tuam per noctem.

Allelúia, allelúia. *V.* Quóniam Deus magnus Dóminus, et Rex magnus super omnem terram. **Alleluia.**

MABUTING magpasalamat sa Poon, at umawit sa Iyong Ngalan, O Kataas-taasan!

V. Upang ihayag ang Iyong kagandahang-loob sa buwang-liwayway, at ang Iyong katapatan sa buong magdamag.

Aleluya, aleluya! *V.* Ang Poong Dios ay dakila, at isang dakilang Hari, bantog sa buong daigdig. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Lc 7:11-16

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHOONG IYON: Nagpunta naman si Jesus sa isang bayang tinatawag na Nain. Sumama sa kanya ang mga alagad at ang napakaraming tao. Nang malapit na siya sa pintuan ng bayan, may isang lalaking namatay na dala ng mga tao patungo sa libingan. Ito ay kaisa-isang anak na lalaki ng isang biyuda. Napakaraming tao mula sa bayan ang sumama upang makipaglibing. Nahabag ang Panginoon nang kanyang makita ang ina ng namatay kaya't sinabi niya rito, “Huwag kang umiyak.” Nilapitan niya at hinipo ang kabaong at tumigil ang mga may pasan nito. Sinabi niya, “Binata, sinasabi ko sa iyo, bumangon ka!” Bumangon ang patay at nagsalita; at siya'y ibinigay ni Jesus sa kanyang ina. Natakot ang lahat at sila'y nagpuri sa Diyos. Sabi nila, “Dumating sa atin ang isang dakilang propeta! Dinalaw ng Diyos ang kanyang bayan!” — *R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.*

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 39:2-4

EXPECTANS expectávi Dóminum, et respéxit me: et exaudivit deprecationem meam: et immísit in os meum cánticum novum, hymnum Deo nostro.

MATYAGA akong naghintay: naghintay sa Panginoon; kaya't kumiling siya sa aki't pinakinggan ang aking daing. Naglagay Siya ng bagong awitin sa aking mga labi; isa itong awitin sa ating Dios.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

TUA nos, Dómine, sacramenta custodiant: et contra diabólicos semper tueántur incúrsus. Per Dóminum.

KUKUPIN at ipagsanggalang nawa kami ng Iyong sakramento, Panginoon, mula sa lahat ng pambubulabog ng diablo. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et aeternæ Deus:

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan.

Qui cum unigénito Fílio tuo et Spíritu Sancto unus es Deus, unus es Dóminus: non in unius singularitáte persónæ, sed in unius Trinitáte substántiæ. Quod enim de tua glória, revelánte te, crédimus, hoc de Fílio tuo, hoc de Spíritu Sancto sine differentia discretiónis sentimus. Ut in confessióne veræ sempiternæque Deitátis, et in persónis proprietas, et in esséntia únitás, et in maiestáte adorétur æqualitas.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona. Sapagka't kung ano ang aming sinasampalatayanan sa iyong pahayag patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi. Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng kamahalan.